



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Marso 15, 2022
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Kristine Roselius - 415.519.5419

Lupon sa Pagdinig, inaprubahan ang kautusan sa abatement para maitigil ang matinding paglabag sa kalidad ng hangin sa Valero

Refinery, inatasang ihinto ang mga labis na emisyon sa kanilang pasilidad sa Benicia

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ngayong araw ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) na inaprubahan ng hiwalay na Lupon ng Pagdinig nito, na isang quasi-judicial na hiwalay na lupon na awtorisado sa ilalim ng batas ng estado, ang isang kautusan sa abatement para sa Valero Refining Co. para itigil ang mga hindi naiuulat na emisyon sa oil refinery nito sa Benicia, sa ligtas at mabilis na paraan hangga't maaari.

Itinatag ng kautusan sa abatement ang mga ipinag-aatas at iskedyul para idisenyo, i-engineer, pahintulutan, at buuin ng Valero ang isang proyekto para matigil ang mga labis na emisyon. Nagbibigay din ang kautusan ng mga kundisyon para sa Valero para mabawasan ang mga emisyon sa mga normal na emisyon, na nagbibinbin sa pagtatapos ng proyekto. May bisa ang kautusan sa lalong madaling panahon.

“Sa pamamagitan ng pasya ng Lupon sa Pagdinig ngayong araw, matitiyak na maihinto ng Valero ang mga labis na emisyon para maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga nasa kalapit na komunidad,” ayon kay Damian Breen, senior deputy na tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Pagtutuunan na ng pansin ngayon ng Air District ang pagsusuri sa mga multa ayon sa tindi ng paglabag at kikilos ito laban sa mga katulad na paglabag sa hinaharap.”

Sa interim na panahon, patuloy na babawasan ng Valero ang potensyal na pag-emit ng nagpaparumi sa hangin sa pamamagitan ng pagpapatuloy sa operasyon ng internal na pagtutubo na naka-install sa redirect hydrogen patungo sa isang lokasyong may mas mababang pressure.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)